


# Tulong para sa mga Pasyente, Nakaligtas, at Caregiver

*Help for Patients, Survivors, and Caregivers – Tagalog*

Ang American Cancer Society ay naghahandog ng suporta sa iyong komunidad at online para matulungan ka sa panahon ng o pagkatapos ng pagpapagamot para sa kanser. Bisitahin ang **cancer.org** o tumawag sa amin sa **1-800-227-2345** para sa higit pang impormasyon.

## Center para sa libreng impormasyon sa kanser

Ang American Cancer Society National Cancer Information Center ay nahahandog ng tulong habang pinagdadaanan mo ang kanser sa pamamagitan ng pagkonekta sa iyo sa aming mapagmalasakit, may kasanayang staff upang sagutin ang mga katanungan tungkol sa dyagnosis, tukuyin ang mga mapagkukunan ng impormasyon at suporta, o magkaloob ng isang tagapakinig at patnubay. Kami ay naghahandog ng tulong sa health insurance, mga programa ng American Cancer Society, at mga referral sa ibang mga serbisyo. Tumawag sa amin sa **1-800-227-2345** o bisitahin ang **cancer.org** para makipag-live chat sa amin. Maaari kaming tumulong sa wikang Ingles, Espanyol, at mahigit sa 200 iba pang wika sa pamamagitan ng serbisyo ng pagsasalin.

## Mga nakalathalang babasahin tungkol sa kanser

Ang aming mga babasahin ay maaaring tumulong sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay na maunawaan ang iyong dyagnosis, paggagamot, at potensyal na masasamang epekto, at magkaloob ng detalyadong impormasyon tungkol sa aming mga programa at serbisyo. Ang aming mga nakalatlahalang babasahin ay makukuha nang libre kapag ikaw ay nakipag-ugnay sa amin sa **1-800-227-2345** o sa pamamagitan ng iyong pangkat sa pangangalaga ng kanser.

## Mga lugar na paglalagian sa panahon ng pagpapapagamot

Ang aming programang Hope Lodge® ay nagkakaloob ng libre, mapagkalingang tahanang malayo sa sariling tahanan para sa mga pasyenteng may kanser at kanilang mga caregiver kapag kailangan nilang maglakbay para sa pagpapapagamot. Sa ilang mga lugar kung saan wala kaming komunidad na Hope Lodge o ito ay puno, ang aming Programang Hotel Partners ay nagpapahintulot sa mga pasyente at caregiver na mamalagi nang libre o sa mas mababang singil sa mga hotel na malapit sa kung saan sila ay nagpapagamot.

## Mga sakay tungol sa pagpapapagamot

Isa sa pinakamalaking mga hadlang sa may kalidad na pagpapapagamot sa kanser sa tamang oras ay ang kakulangan sa transportasyon. Ang mga pamilya at mga kaibigan ay maaaring makatulong, ngunit sa pagdaan ng ilang buwan, maaari silang hindi laging magkaroon ng panahon o mga mapagkukunan ng tulong at suporta upang makapagkaloob ng bawat masasakyan. Kaya't sinimulan ng American Cancer Society ang programang Road To Recovery®. Ito ang pinakadiwa ng aming gawain sa pagtatanggal ng mga hadlang sa may kalidad na pangangalagang pngkalusugan sa pamamagitan ng pagkakaloob sa mga pasyente ng transportasyon sa pagpapaagamot at iba pang mga appointment na may kinalaman sa kanser sa pamamagitan ng mga bolutaryong tagapagmaneho, partner, at mga organisasyong pangkomunidad.

## Nabigasyon ng pasyente

Ang aming navigators para sa pasyente, na mayroon sa maraming ospital sa buong bansa, ay tumutulong sa mga pasyenteng makatanggap ng mga serbisyong kailangan nila nang sa gayon ang iba pang mga nasa pangkat sa pangangalaga ng kanser ay makakapagpokus sa paggagamot. Ang navigators para sa pasyente ay maaari ring magbigay ng impormasyon sa kanser at paggagamot na nakaangkop para sa dyagnosis ng bawat pasyente, tumulong sa kanilang maghanap ng mga lokal na mapagkukunan ng impormasyon at suporta upang masigurong nakukuha nila ang pagpapapagamot na kailangan nila, at higit pa.

## Ang Cancer Survivors Network℠

Bisitahin ang **csn.cancer.org** upang sumali sa aming komunidad online para sa mga taong may kanser at kanilang mga pamilya. Hanapin at makipagkonekta sa ibang nagpapagamot, mga matagal nang nakaligtas, o mga caregiver sa pamamagitan ng aming member search, mga discussion board, mga chat room, at pribadong email ng Cancer Survivors Network.

## Ang Reach To Recovery®

Ang programang Reach To Recovery ay nag-uugnay sa mga pasyenteng may breast cancer sa mga boluntaryong may kasanayan na may mga katulad na dyagnosis at plano ng pagpapapagamot upang magbigay ng suportang peer-to-peer.

## Ang *“tlc” – Tender Loving Care®*

Ang aming lathalaing *“tlc” (Tender Loving Care)* ay naghahandog ng mga abot-kayang produkto para sa pagkalugon ng buhok at mastectomy para sa mga kababaihang kinakaharap ang kanser, pati na rin ng pagpapayo sa kung paano gamitin ang mga ito. Ang mga produktong kagaya ng mga peluka, hairpiece, sumbrero, turban, hulma ng suso, bra para sa mastectomy, kamisa para sa mastectomy, at suot na panlangoy para sa mastectomy. Tumawag sa **1-800-850-9445**, o bisitahin ang website ng *“tlc”*™ sa **tlcdirect.org** para mag-order ng mga produkto o katalog.

## Mga aklat ng American Cancer Society

Kami ay may 40 nagtamo ng gantimpalang aklat tungkol sa mga espesipikong kanser, pangkalahatang impormasyon sa kanser, pag-aalaga, pagharap sa kanser at masasamang epekto, emosyonal na suporta, mga aklat para sa mga pamilya at anak, at higit pa. Maaari mong mabili ang mga aklat at e-book ng American Cancer Society books and e-books sa **cancer.org/bookstore**, o sa mga retailer para sa aklat sa buong bansa.

## Mga patnubay at mapagkukunan ng impormasyon at suporta tungkol sa pagkaligtas sa kanser

Mayroon kaming mga babasahin at mapagkukunan ng impormasyon at suporta para sa mga nakaligtas sa kanser para makatulong sa kalidad ng pamumuhay at iba pang mga pangangailangan sa panahon at pagkatapos ng pagpapagamot sa kanser. Ang aming mga patnubay sa pagkakaligtas sa kanser para sa mga espesipikong kanser ay tumutulong sa mga doktor na mapangasiwaan ang mga katangi-tanging pangangailangan ng mga nakaligtas sa kanser, at ang mga patnubay sa nutrisyon at pisikal na aktibidad para sa mga nakaligtas ay tumutulong sa iyong malaman kung paano mamuhay nang pinakamaayos at mabawasan ang panganib ng pagbabalik ng kanser.

## Ang Springboard Beyond Cancer

Ang online tool na ito para sa mga nakaligtas sa kanser, na nilikha ng the American Cancer Society at ng National Cancer Institute, ay makukuha sa **survivorship.cancer.gov**. Ang mga pasyente at nakaligtas sa kanser ay maaaring lumikha ng personalisadong mga Action Deck, mga koleksyon ng piling impormasyon upang matulungan silang makipag-usap nang mas mabuti sa mga caregiver at kanilang mga pangkat sa pangangalaga upang mapangasiwaan ang kanilang pisikal at emosyonal na pangangalaga pagkatapos ng dyagnosis sa kanser.

## Para sa mga caregiver

Ang kanser ay nakakaapekto sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay. Ang aming impormasyon para sa mga caregiver sa **cancer.org/caregivers** ay tumutulong sa kanilang alagaan ka habang isinasaisip din ang kanilang sariling mga pangangailangan at ipinapakita sa kanila kung paano humingi ng tulong at suporta. Maaari rin nilang bisitahin ang **csn.cancer.org** para sa mga forum sa caregiver.

## Mga klinikal na pagsubok

Kung nais mong madagdagan ang kaalaman tungkol sa mga klinikal na pagsubok na maaaring maging angkop para sa iyo, magsimula sa pamamagitan ng pagtatanong sa iyong doktor kung ang iyong klinika o ospital ay nagsasagawa ng mga klinikal na pagsubok o makipag-ugnay sa amin sa **1-800-227-2345** at makipag-usap sa isa sa aming mapagmalasakit at may kasanayang staff.

## cancer.org

Ang aming website ay naghahandog ng access sa pinakabago at tumpak na impormasyon sa kanser at tumutulong sa iyong mahanap ang mga programa at mga serbisyo sa iyong lugar. Ang ilang mga page na dapat tandaan ay:

- **cancer.org/survivors** – isang puntahan para sa mga paksa tungkol sa suporta at pagpapapagamot, tools sa pagpapapagamot at pagkaligtas, at mga kuwento ng pag-asa para mabigyan ka ng inspirasyon
- **cancer.org/videos** – tinatampok ang mga video na nakatuon sa mga paksang may kaugnayan sa kanser, kabilang ang mga pangunahing impormasyon sa kanser, mga pagpapapagamot para sa kanser, mga klinikal na pagsubok, mga programa at serbisyo ng American Cancer Society, mga epekto ng pagkakaligtas sa kanser, mga personal na kuwento, at higit pa
- **cancer.org/treatmentdecisions** – tools at mga mapagkukunan ng impormasyon at suporta na makakatulong sa pagpapasya para sa pagpapagamot para sa kanser para matulungan kang pagdaanan ang dyagnosis at pagpapagamot para sa kanser
- **cancer.org/support** – higit pang impormasyon tungkol sa American Cancer Society at iba pang mga programa at serbisyo sa iyong lugar
- **cancer.org/phm** – impormasyon at mga tracking worksheet para matulungan ang mga pasyenteng isaayos at i-navigate ang kanilang karanasan sa kanser
- **cancer.org/languages** – inuugnay ang mga hindi nagsasalita ng Ingles sa impormasyon sa kanser sa iba pang mga wika
- **Makipag-live Chat** sa aming mapagmalasakit at may kasanayang staff sa pamamagitan lamang ng pagpunta sa **cancer.org** at pag-click sa “Live Chat”

American Cancer Society®

cancer.org | 1.800.227.2345

BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity

TAGALOG
©2018, American Cancer Society, Inc.
Blg. 080527 Nirebisa. 11/18
Ang mga modelong ginamit ay para sa mga layunin ng paglalarawan lamang.